# Pahayag 1: Hindi angkop na magtanong tungkol sa doktrina, mga turo, alituntunin, at kasaysayan ng Simbahan.


Bilang grupo, talakayin ang katumpakan ng pahayag 1. Basahin ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:10–13, at talakayin kung paano binago ng pagtatanong ang buhay ni Joseph Smith. Pagkatapos ay basahin ang mga sumusunod na pahayag ng mga lider ng Simbahan:



Sa pagtatanong nagsisimula ang patotoo. Maaaring nahihiya ang ilan o nadarama nilang hindi sila karapat-dapat dahil nagdududa sila tungkol sa ebanghelyo, ngunit hindi nila dapat madama iyon. Ang pagtatanong ay hindi tanda ng kahinaan; simula iyon ng pag-unlad.

Iniuutos sa atin ng Diyos na maghanap ng mga sagot sa ating mga tanong at sinasabi sa atin na dapat maghanap "nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo" [Moroni 10:4]. Kapag ginawa natin ito, ang katotohanan ng lahat ng bagay ay ipapakita sa atin "sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo" [Moroni 10:5].

Huwag matakot magtanong. Mag-usisa, pero huwag magduda! Laging higpitan ang kapit sa pananampalataya at liwanag na natanggap na ninyo. ("President Dieter F. Uchtdorf: The Reflection in the Water," *Church News*, Nob. 1, 2009, thechurchnews.com)



Isangguni ang inyong mga tanong sa Panginoon at sa iba pang mapagkakatiwalaang sanggunian. Mag-aral nang may hangaring *maniwala* sa halip na umasang may makikitang kamalian sa buhay ng propeta o hindi pagkakatugma-tugma sa mga banal na kasulatan. Huwag nang patindihin pa ang inyong mga pag-aalinlangan sa pagsasabi nito sa iba pang mga nagdududa. Tulutan ang Panginoon na akayin kayo sa inyong paglalakbay sa pagtuklas ng mga bagay na espirituwal. (Russell M. Nelson, "Si Cristo ay Nagbangon; Ang Pananampalataya sa Kanya ay Makapagpapalipat ng mga Bundok," *Liahona*, Mayo 2021, 103)



May mga pangunahing tanong at may di-gaanong mahahalagang tanong. Sagutin muna ang mga pangunahing tanong. Hindi pantay-pantay ang lahat ng tanong at hindi pantay-pantay ang lahat ng katotohanan. Ang mga pangunahing tanong ang pinakamahalaga. Lahat ng iba pa ay nakapailalim dito. Iilan lang naman ang mga pangunahing tanong. Babanggitin ko ang apat sa mga ito.

1. Mayroon bang isang Diyos na ating Ama?
2. Si Jesucristo ba ang Anak ng Diyos, na Tagapagligtas ng sanlibutan?
3. Si Joseph Smith ba ay isang propeta?
4. Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ba ang kaharian ng Diyos sa mundo?

Sa kabilang dako, ang di-gaanong mahahalagang tanong ay walang-katapusan. . . .

Kung nasagot ninyo ang pinakamahahalagang tanong, nasagot na rin ang mga tanong na walang direktang kaugnayan, at makatutugon kayo sa mga bagay na nauunawaan at hindi nauunawaan at sa mga bagay na sinasang-ayunan at tinututulan ninyo nang hindi tinatalikuran ang Simbahan.

(Lawrence E. Corbridge, “Stand Forever” [Brigham Young University debosyonal, Ene. 22, 2019], speeches.byu.edu)

Talakayin ang mga sumusunod na tanong:

- Ano ang nadarama ng Panginoon tungkol sa ating mga pagtatanong? Ano ang maaari nating matanggap mula sa Panginoon kapag itinanong natin sa Kanya ang ating mga tanong? (Bilang bahagi ng talakayang ito, maaari ninyong panoorin ang “2.3.1 Asking, Seeking, and Knocking” [1:14], kasama si Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol.)
- Ano ang pagkakaiba ng panalanging sinambit nang may pananampalataya sa panalanging sinambit nang may pagdududa? (Para sa mas malalim na talakayan, maaari mong basahin ang Alma 22:4–12 bilang halimbawa ng mga tanong na itinanong nang may pananampalataya at Alma 11:21–22, 26–35 bilang halimbawa ng mga tanong na itinanong nang may pagdududa.)
- Bakit kaya mahalagang tukuyin ang pagkakaiba ng mga pangunahin at hindi gaanong mahalagang tanong? Ano ang maaaring mangyari kung pababayaan natin ang mga pangunahing tanong at magtutuon lamang sa mga hindi gaanong mahalagang tanong?
- Sa paanong paraan nakatulong ang pagtatanong ninyo sa Panginoon at sa iba pang matatapat na indibiduwal at sources na nagpapalakas ng pananampalataya upang mapalago ang pagkatuto at pag-unlad sa inyong buhay?

Batay sa natutuhan mo sa talakayang ito, itala ang binagong bersyon ng pahayag 1. Maging handang ibahagi ang inyong binagong pahayag at kung ano ang natutuhan ninyo sa inyong klase.



© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved.